PAGTIBAYIN ANG PAMUMUNO NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS! ISABUHAY ANG MGA TUNGKULIN! PUSPUSANG ISULONG ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN!

Ang unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo ang gabay sa pagkilos ng Partido Komunista ng Pilipinas. Mula ng ito'y muling itatag noong ika-26 ng Disyembre 1968, ibayo itong nakapagpalakas sa ideolohiya, pulitika at sa organisasyon. Mahusay na nakalatag ito ngayon sa tatlong mayor na isla ng Pilipinas, mula sa Luzon, sa Visayas at sa Mindanao, hanggang sa mga maliliit na isla at tuloy tuloy na hinahawan nito ang landas patungo sa sosyalistang bukas. Mula sa pagsisimula nito sa halos wala, ang Partido Komunista ng Pilipinas ngayon ay isang malakas na pampulitikang partido at kinikilala ng buong daigdig. Patuloy na tinatamasa ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mataas na pagkilala, pagdakila, respeto at pagmamahal ng pinakamalawak na masa ng sambayanan lalo't higit ng uring anak pawis. Dakilain ang Partido Komunista ng Pilipinas, Ang Partido ng sambayanang Pilipino! Ang Partido ng uring anak pawis! Ipagdiwang ng buong sigla at karangalan ang ika-54 na taong anibersaryo ng Muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas ngayong ika-26 ng Disyembre 2022.

Sa okasyong ito, iginagawad natin ang pinakamataas na pagkilala at pagpupugay sa lahat ng dakila at bayaning martir ng rebolusyong Pilipino. Sila ay mga bayaning martir na kailanma'y hindi malilimot. Sila ay ang mga kasapi at kadre ng partido, mga kumander at mga mandirigma ng bagong hukbong bayan at milisyang bayan, mga aktibista at rebolusyonaryong mamamayan na inialay ang kanilang tanging buhay para sa sambayanan. Sila ay inspirasyon ng rebolusyong pilipino.

Libu-libong martir ang magiting na nag-alay ng buhay para sa sambayanan; iwagayway natin ang kanilang bandila at magmartsa tayo sa landas na pinapula ng kanilang dugo! Ipalaganap ang kanilang kabayanihan. Pulang saludo sa mga bayani ng bayan!

Sa okasyong ito, ang mamamayan ng Kanlurang Gitnang Luzon, ay nagbibigay ng espesyal na pagpupugay at parangal kay kasamang Jose Maria Sison tagapangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas. Siya ay dakilang guro at lider Komunista. Sya'y mananatiling buhay sa puso ng sambayanang kanyang minahal. Ang kanyang matalas na pagsusuri sa lipunan ay nagsilbing maliwanag na tanglaw sa ating pagsusulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan. Inspirasyon ang buhay at kamatayan ni kasamang Joma sa lahat ng nakikibakang mamamayan. Sya ay magiting at dakilang bayani ng sambayanang Pilipino. Pinakamataas na parangal at pagpupugay kay kasamang Jose Maria Sison.

BIGO ANG TIRANO-PASISTA-TERORISTANG REHIMENG US DUTERTE!

Bigo ang tirano, pasista at teroristang US-Rodrigo Duterte. Bigo sa kanyang pangarap na igupo ang Partido Komunista ng Pilipinas sa kanyang anim na taong pagkakaluklok sa Malakanyang bilang Presidente ng Gubyerno ng Pilipinas. Bigo sa kahibangan at hangaring supilin ang paglaban ng mamamayan. Sa pagiging sunud-sunuran sa utos ng amo nitong mga Imperyalista, walang habas at pakundangan nitong isinadlak sa kahirapan at kamatayan ang sambayanang Pilipino.Tiniyak nito at tahasang ipinatupad at iniratsada ang mga di makatao, di makatarungan, di katanggap-tanggap at di makatwirang mga batas at patakaran sa ilalim ng neoliberalismo, sang ayon sa interes ng imperyalista at ng lokal na naghaharing uri, kabilang dito ang kanyang angkan at mga kroni. Tahasan at garapalan nitong sinagasaan ang lehislatura at ehekutibo upang tiyakin ang pangingibabaw ng kapangyarihan nito. Lantaran ang pambabastos at kawalang pagkilala sa mga lehitimong samahan, organisasyon, at iba’t ibang institusyon.

Itinalaga niya sa kanyang gabinete at sa iba't-ibang sangay ng gobyerno ang mga retiradong tiwali at berdugong heneral upang tyakin ang kontrol at pasismo sa mga ito. Naging lehitimo ang katiwalian at paglapastangan sa karapatang pantao. Lalong higit na lumaganap ang kagutuman, disempleyo, malawakang pangangamkam ng lupa at pagsahol ng kawalan ng pampublikong serbisyo. Puu-puong libong inosenteng mamamayan at sibilyan ang walang habas na pinaslang sa ilalim ng kanyang "gyera kontra droga at gyera laban sa terorismo" at di mabilang ang di inilitaw na katawan ng kanyang mga biktima.

Sinuhulan at binili nito ang katapatan ng AFP at PNP sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga prebilehiyo, luho, pagtataas ng sahod at pusisyon upang maging sunud-sunuran sa kanya at tiyaking maipapatupad ang mga maka-imperyalistang batas at patakaran, na tahasang sumasagasa sa soberanya ng Pilipinas at kontra mamamayan. Itinatag ang NTF-ELCAC na todo buhos ang pondo at badyet mula sa kabang yaman ng bayan para igupo ang rebolusyonaryong kilusan sa pangunguna ng mga taksil sa sambayanan at mga pasistang heneral.

Inilunsad sa kanayunan at kalunsuran ang pinakamababangis na atake laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan. Bilang presidente at commander in chief, tahasang ginarantyahan ni Duterte sa mga kasundaluhan, kapulisan at mga paramilitar, na pwede nilang gamitin ang kanilang mga baril sa sibilyan, at ang masahol, ginawang lehitimo ang walang pakundangang pagpatay at pang-aabuso.

Ipinatupad ang iba’t-ibang oplan at FMO na di kumikilala sa karapatang pantao, sa kagalingan ng kalikasan at iba pang nabubuhay. Kinatatangian ang FMO ng walang habas na pambobomba, walang pakundagang pagpapaputok ng baril, pamamaslang, pagdukot, tortyur, red-tagging, pagbabanta, pananakot, at pamiminsala sa kabuhuyan ng masa. Kasama din sa FMO ang panlilinlang at sapilitang pagpapasurender sa ngalan

ng E-CLIP sa lahat ng sibilyan na makursunadahan, mapagdiskitahan at mapagbintangang kasapi ng NPA.

Hindi nalutas ni Duterte ang problema ng pandemyang Covid-19, sa halip ipinataw ang militarista at mapanupil na hakbangin na lalong nagsapanganib sa buhay ng sambayanang Pilipino at naging daan sa pagkamatay ng marami. Sinamantala nito ang pandemya para iratsada ang di anunsyadong Batas Militar o martial law at nagpakasasa sa tahasang korapsyon. Madugo ang rekord ni Duterte, duguan ang Malakanyang, gayunman bigong bigo si Duterte sa kanyang pangarap, binigo ito ng determinadong paglaban ng mamamayan.

Bago matapos ang kanyang termino, muling ipinamalas ni Duterte ang pagiging tuta sa amo nitong US. Tiniyak niyang maluluklok sa poder ang tambalang Bong Bong Marcos JR at Sara Duterte. Ang tambalang Bong bong Marcos Jr at Sara Duterte ay pagpapatuloy lamang ng pagiging sunud-sunuran ng gubyerno ng Pilipinas sa amo nitong imperyalismong US. Tiyak na lalong sasahol pa ang krisis at pagdarahop ng uring anakpawis sa ilalim ng mala-kolonyal at mala-pyudal na sistema ng lipunan. Magpapatuloy ang mga patakaran ng neoliberalismo, mga kasunduan at kondisyon ayon sa dikta ng imperyalismong US. Asahan na magpapatuloy ang pandarambong at di mapapawi ang duguang rekord ng Malakanyang. Magpapatuloy ang kaapihan at kahirapan ng sambayanang Pilipino.

Sa kabila ng pagpapalit-palit ng naghaharing reaksyunaryong paksyon sa Malakanyang, nananatili ang mala-kololonyal at mala-pyudal na sistema ng lipunan. Gayunman, ang malawak na masa ng sambayanan ay higit na determinadong maglunsad ng armadong rebolusyon laban sa estado at magtayo ng sariling demokratikong kapangyarihan at gubyernong bayan. Buo ang kapasyahan at tiwala ng Partido Komunista ng Pilipinas na mapapamunuan nito ang demokratikong rebolusyong bayan at ang sambayanang Pilipino.

SALUDO! SALUDO SA KAGITINGAN NG MAMAMAYAN NG KANLURAN GITNANG LUZON!

Sumasaludo ang Partido sa lahat ng ating rebolusyonaryong pwersa sa pagbigo sa tiraniya at pasismo ni Duterte.

Dito sa Kanluran Gitnang Luzon, bigo ang rehimeng US-Duterte at alipures nito na igupo ang rebolusyunaryong kilusan at pawiin ang paglaban ng mamamayan. Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, magiting at patuloy na lumalaban at nagtatanggol ang mamamayan laban sa pang-aapi at pagsasamantala. Patuloy na lumalaban at naggigiit, laban sa malawakang pangangamkam ng lupa at pagpapalayas ng panginoong maylupa, ng mga dambuhalang korporasyon, ng mga negosyante at ng dayuhan. Buong tapang at tatag na lumalaban ang mamamayan sa harap ng pasista at teroristang kampanya ng estado.

Dito sa Kanluran Gitnang Luzon, binigo ng mamamayan ang rehimeng US-Duterte at ang mga tauhan nitong pasista-teroristang AFP at PNP. Nagsagawa at naglunsad ito ng mga malalaking operasyong militar sa balangkas ng FMO - focus military operation. Ang

mga operasyong militar na ito'y nagdulot ng pinsala sa kabuhayan ng masa, tampok dito ang paninira at pagnanakaw sa mga pananim at iba pang pag-aari ng masa. Naging pamalagiang lunsaran ng espesyal na malalaki at matatagal na pagsasanay militar ng AFP at PNP ang kanlurang gitnang luzon. Pamalagian din itong lunsaran ng Balikatan Exercises, maliban pa sa may pirming tropa ng sundalong amerikano na nakabase sa mga kampo militar dito bilang mga tagapagsanay sa ilalim ng US Counter Insurgency Guide. Ang mga pagsasanay militar at Balikatan Exercises na ito ay inilulunsad mismo sa mga pamayanan at komunidad ng masang magsasaka at pambansang minoryang ayta, kung saan, laging nailalagay sa panganib ang kanilang buhay at kabuhayan.

Tuluy-tuloy na naglulunsad ng kampanyang psywar at RCSP sa lahat ng dako ng kanluran gitnang luzon. Sapilitan at pwersahang "pinasurender" ang ilang mamamayan upang ipresenta sa publiko para maging patunay na di umano ay " ayaw na" ng masa ang rebolusyon. Kinakasangkapan ng mga pasista ang mga taksil sa bayan na nagsisilbing di umano ay " tagapag-patotoo o tagapag-patunay", para sa psy war . Nagmimistulang Warfront at Combat Zone ang mga komunidad, pamayanang sibilyan at mga baryong tinayuan at tinatayuan ng RCSP o detatsment. Habang ginagarison ang mamamayan, nagsisilbi naman ang mga ito bilang masugid na tagapag bantay at gwardiya ng mga dambuhalang korporasyon para itaguyod ang mga proyektong kontra mamamayan. Sa mga baryong may RCSP, lumaganap ang pang aabuso, kaguluhan at kaapihan na pinangungunahan ng mga sundalong nakahimpil dito. Lantarang nagpapalaganap ng dekadenteng kultura at kaisipan, pornograpiya bilang pang-aliw, at pangganyak sa hanay ng kabataan at maging sa mga menor de edad na pinangungunahan mismo ng mga upisyal militar nito.

Sa kabila ng pinatinding pasismo at terorismo ng estado, hindi natitinag ang paglaban ng mamamayan sa kanlurang gitnang luzon, bagkus higit na naging matatag at determinado silang patuloy na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Bigo ang pasista-teroristang kampanya at pakana ng kaaway sa lakas ng nagkakaisang lumalabang mamamayan. Bigo si Duterte na supilin ang paglaban ng mamamayan.

NAKAPAGPUNYAGI ANG PARTIDO, HUKBONG BAYAN AT ANG BUONG REBOLUSYONARYONG PWERSA!

Matagumpay na nakapangibabaw ang tamang linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng Partido. Matagumpay na natukoy at naguhitan ang mga kahinaan at pagkakamali. Matagumpay ang matapat na pagpuna at pagpuna sa sarili at ang pagwawasto sa mga ito. Matagumpay ang pangingibabaw sa mga sakripisyo't mga kahirapan sa kabila ng matitinding atake ng kaaway.

Mga tagumpay sa kanluran Gitnang Luzon; Makabuluhan ang bilang ng nakonsolidang pwersa sa pahanon ng pakikibaka sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Makabuluhan ang bilang ng mga napamunuan, naabot at nasaklaw na mga baryo, sityo at bayan sa loob at labas ng Larangan. Muling nabalikan at naabot ang mga eryang pansamantalang naiwan at muling napakilos ang mga masa dito. Signipikante at makabuluhan ang

bilang ng nagpahayag ng kahandaan at komitment ng higit na pagpapatibay ng paninindigan at pag-uubos kaya upang itaguyod ang mga tungkulin. Higit sa lahat makabuluhan ang dami ng muling sumumpa sa Partido at muling tumangan ng tungkuling pamunuan ang rebolusyon.

Nakapagpunyagi at naipreserba ang Bagong Hukbong Bayan. Matagumpay na binigo nito ang pasista-teroristang atake ng rehimen at ng mersenaryong AFP at PNP. Matagumpay na nilabanan at binigo ng Bagong Hukbong Bayan ang mga kontra-rebolusyonaryong pakana na may hangaring igupo ang hukbo at ihiwalay sa mamamayan. Binigo ng Bagong Hukbong Bayan ang pagnanais ng kaaway na hatakin ito sa lantay militar na labanan at alisan ng inisyatiba. Matagumpay itong nakaiwas sa mga hindi kinakailangang mga labanan, habang matiyaga itong naghihintay ng pagkakataon upang bigwasan ang pasistang kaaway at igawad ang rebolusyonaryong hustisya.

Inspirasyon natin ang mga tagumpay! Naisulong ang mga programa at kampanya, sa harap ng pagtindi ng pasistang atake at terorismo sa kabundukan at kapatagan. Tampok dito ang programa sa produksyon upang labanan ang kagutuman, labanan ang pangangamkam ng lupa at labanan ang pagpapalayas. Naisulong ang programang medikal at serbisyong pangkalusugan, literasiya at numerasiya. At naisulong ang panawagan at kampanya sa pakikipagharap at pagtatanggol laban sa kaaway.

Habang humaharap at sumasabak ang Partido at ang buong rebolusyonaryong pwersa sa pakikipagpukpukan sa kaaway, nakikibaka at nakikitunggali din ito sa mga maling tendensya, kaisipan, pananaw at gawi. Natuto, napanday at nahasa ang buong pwersa mula dito. May mga pansamantala tayong pag atras at mga pinsala, may mga kadre at kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas ang namartir at nalagas, may mga organisasyong masa na nabulabog at ilang myembro at kasapi ang nabawas, may mga nabuwal at namartir na mga pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, makabuluhan ang bilang ng mga aktibista at sibilyan na pwersahan at sapilitang sumurender dulot ng matinding pasismo at teror ng kaaway at ng estado. Gayunman, nananatiling buo ang kumpyansa at tiwala natin sa Partido Komunista ng Pilipinas, sa kanyang pamumuno at sa linya, patakaran at programa. Nananatiling buo ang organisasyon ng Partido, Hukbong Bayan at mga organisasyong masa. Ang mahahalagang leksyon na nahalaw at nahango sa mga ito ay lalong nagpahigpit sa pagkakaisa ng buong pwersa sa ideolohiya, pulitika at sa organisasyon.

Ang mga pinsalang tinamo natin sa nagdaang mga taon ay resulta at bunga pa ng ating kahinaan sa pagtangan at pagsasabuhay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo na nagdulot ng konserbatismo sa larangan ng pulitika at militar at nagpahina sa pagtangan sa demokratikong sentralismo na syang buhay ng ating Organisasyon. Gayunman, laging handa ang Partido Komunista ng Pilipinas na harapin ang mga pananagutan sa pamumuno, matapat ito sa pag-ako ng mga kahinaan at kakapusan. Determinado itong magwasto at higit na sumulong sa mas mataas na yugto ng pakikibaka.

Ang mga natamo nating mga pinsala ay hindi pa dahil sa mabisa at epektibo ang taktika at malakas ang kaaway, kundi, nasamantala nito ang mga kamalian at kahinaan natin

sa Ideolohiya, pulitika at organisasyon. Ang mga kamalian at kahinaang ito ay nagbigay ng daan at puwang sa kaaway upang lumikha ng pinsala sa rebolusyonaryong kilusan at sa hanay ng mamamayan. Sa kabila nito, inspirasyon natin ang naipong lakas at mga tagumpay na pinagbuwisan ng buhay ng ating mga kasama at ang pag-uubos kaya ng ating buong rebolusyonaryong pwersa para itaguyod ang rebolusyon. Makasaysayan at makabuluhan ang magiting na pakikipaglaban ng ating buong rebolusyonaryong pwersa.

Sa pagkakatukoy ng mga kahinaan at kamaliang ito, hinahalaw ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mayamang mga leksyon at turo ng mga karanasan upang higit na magpunyagi na isulong ang armadong reboulusyon at pamunuan ang sambayanan hanggang sa tagumpay.

Bigo sa kaibuturan ang estado sa kanyang hangaring pawiin ang rebolusyon, dahil nananatiling buo ang Partido Komunista ng Pilipinas tangan ang teoretikong gabay ng Marxismo Lenenismo at Maoismo. Nagkakaisa ng mahigpit ang kasapian nito sa Linya sa Ideolohiya, Pulitika at Organisasyon.

PAGTIBAYIN AT ISABUHAY ANG MGA TUNGKULIN!

Mahalagang tungkulin nating lahat ngayon bilang mga kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas na muling balikan, pagtibayin at isabuhay ang mga tungkulin bilang mga kasapi ng Partido. Mag-aral ng mga saligan at mga batayang prinsipyo. Sistematikong mag-aral ng teorya at pag-aralan ang mga praktika ng pagkilos. Mabilis na tasahin at lagumin ang mga karanasan batay sa kongkretong sitwasyon. Magpuna at magpuna sa sarili at iwasto ang mga kahinaan at pagkakamali. Sapulin ang batas ng Marxismo-Lenenismo upang wastong mailapat at masuri ang kongkretong kalagayan, nang sa gayon ay wastong maitakda ang mga patakaran at prinsipyo sa pagsusulong ng digmang bayan. Mapangahas na isulong at iabante ang digmang bayan at sumulong ng paalun-alon. Itayo ang muog ng rebolusyonaryong base at isulong ang tunay na reporma sa lupa. Maging mapanlikha at mapamaraan sa pamumuno sa masa upang maabot ang pinakamalawak na masa ng uring anakpawis. Papanagutin ang mga may krimen at utang na dugo sa sambayanan, batay at ayon sa itinatakda ng rebolusyonaryong hustisya at ng hukumang bayan. Isabuhay ang Demokratikong Sentralismo. Iwasto ang mga maling pananaw, tendensya at kaisipan. Iwaksi ang mali at masamang estilo at paraan ng pamumuno at paggawa na nagpapahina sa pamumuno at pagkakaisa. Magpanibagong sigla at lakas para higit na sumulong. Pamunuan ang malawak na masa ng sambayanang Pilipino. Palaganapin ang diwa ng buong pusong paglilingkod sa sambayanan ng walang pag-iimbot sa mga sakripisyo't kahirapan.

Absoluto ang pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Bagong Hukbong Bayan! Dapat magpakahusay ang Partido sa pamumuno sa Bagong Hukbong Bayan. Dapat palakasin ang Bagong Hukbong Bayan. Dapat bigyan ng espesyal at natatanging pansin ang pagpapalaki at pagpapalakas sa Bagong Hukbong Bayan. Tiyaking maagap na

nalalagom ang mga karanasan sa mga labanan kapwa sa depensiba at sa opensiba para higit pang mapaghusay ang mga taktika at teknika sa pakikipaglaban sa kaaway. Tuluy-tuloy na pag-aralan ang mga sulating militar nina kasamang Mao, Zhude at Giap at ng iba pang mga komunistang syentistang militar. Gawin ang lahat ng makakayang pamamaraan upang tuloy tuloy na naipapalaganap ang katapangan, kagitingan at kabayanihang ipinapamalas ng ating mga pulang kumander at pulang mandirigma, gayundin, ng ating mga dakilang martir.

Ang pagdiriwang ng ika-54 na taong anibersaryo ng muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas ay okasyon upang magbigay tayo ng pagkilala at pagsaludo sa kasigasigan, katapangan, katatagan at kagitingang ipinamalas ng mamamayan sa pagharap sa atake ng kaaway at sa pangingibabaw dito. Bagamat nagdulot ng ilang pinsala ang mga naging kamalian at kahinaan ng Partido, nananatiling buo ang kumpyansa at tiwala ng bawat kasapian nito at ng masa ng sambayanang Pilipino sa kakayahan, kahandaan at katapatan ng Partido Komunista ng Pilipinas na pamunuan ang digmang bayan.

Maghanda! Manindigan! Magpakatatag! Tanganan ng mahigpit ang Marxista-Leninistang pagsusuri na ang lipunang Pilipino ay malakolonyal at malapyudal na pinaghaharian ng imperyalismong US, panginoong maylupa at ng mga burukrata. Sa panunumbalik ng mga Marcos sa Malakanyang walang aasahan ang sambayanang Pilipino, kundi ibayo pang pambubusabos, kaapihan at kahirapan. Tanging ang Demokratikong Rebolusyong Bayan lamang ang solusyon sa malaon ng kaapihan ng sambayanang Pilipino, tanging digmang bayan lamang na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Mabuhay ang ika-54 na taong anibersaryo ng muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas!
Pagtibayin at palakasin ang pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas!
Isabuhay ang mga tungkulin!
Palakasin ang Bagong Hukbong Bayan!
Mapangahas na itayo ang base ng armadong rebolusyon. Itayo ang armadong lakas ng sambayanang pilipino!
Puspusang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan!
Ubos kayang labanan at ibagsak ang tambalang rehemeng Us Marcos-Duterte!
Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!
Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!
Mabuhay ang Rebolusyong Pilipino!

Kanluran Gitnang Luzon
Komite ng Partido
Komiteng Larangan
Disyembre 26, 2022